

## Fact Sheet B

### **Talasalitaan para sa Mga Tuntunin sa Kompensasyon ng mga Manggagawa para sa mga Manggagawang Nagtamo ng Sugat/Pinsala**

**Tinatanggap na paghahabol:** Isang paghahabol kung saan sumasang-ayon ang kompanya ng paseguro na ang iyong natamong sugat/pinsala o sakit ay saklaw ng kompensasyon ng mga manggagawa. Kahit na tinanggap ang iyong paghahabol, maaaring may mga pagkaantala o iba pang mga problema. Tinatawag ding inaangking paghahabol (admitted claim).

**Administratibong direktor (Administrative director, AD):** Ang taong namamahala sa operasyon ng Dibisyon para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Division of Workers' Compensation).

**Napagkasunduang medikal na tagasuri (agreed medical evaluator, AME):** Kung mayroon kang abogado, ang AME ay ang doktor na maaaring sang-ayunan ng iyong abogado at ng kompanya ng paseguro na magsagawa ng medikal na pagsusuri na makakatulong sa paglutas ng iyong pagtatalo o hindi pagkakaunawaan. Kung walang kasunduan o wala kang abogado, gagamit ka ng kwalipikadong medikal na tagasuri (qualified medical evaluator, QME). Tingnan ang QME.

**Alternatibong trabaho:** Isang bagong trabaho sa iyong dating tagapag-empleyo. Kung sinabi ng iyong doktor na hindi ka makakabalik sa iyong trabaho sa panahon ng pagtamo ng sugat/pinsala, hinihikayat ang iyong tagapag-empleyo na alukin ka ng alternatibong trabaho sa halip na mga karagdang benepisyo sa paglilipat ng trabaho o benepisyo para sa pang-bokasyong rehabilitasyon. Dapat matugunan ng alternatibong trabaho ang iyong mga limitasyon sa trabaho, na tumagal nang hindi bababa sa 12 buwan, magbayad ng hindi bababa sa 85 porsiyento ng mga sahod at benepisyo na ibinayad sa iyo noong nagtamo ka ng sugat/pinsala, at nasa loob ng isang makatwirang distansya sa pagbibiyahе kung saan ka nakatira sa panahon ng pagtamo ng sugat/pinsala.

**American Medical Association (AMA):** Isang pambansang grupo ng mga doktor. Ang AMA ay naglalathala ng isang hanay ng mga alituntunin na tinatawag na "Mga Gabay sa Pagsusuri ng Permanenteng Kapansanan." Kung na-rate ang iyong permanenteng kapansanan sa ilalim ng 2005 rating schedule (iskedyul ng pagbibigay ng rating), kinakailangan na matukoy ng doktor ang antas ng iyong kapansanan gamit ang mga gabay ng AMA.

**Americans with Disabilities Act (ADA):** Isang pederal na batas na nagbabawal sa diskriminasyon laban sa mga taong may kapansanan. Kung naniniwala kang nadiskrimina ka sa trabaho dahil mayroon kang kapansanan at gusto mo ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng ADA, makipag-ugnayan sa opisina ng U.S. Equal Employment Opportunity Commission. Para sa opisina ng EEOC sa iyong lugar, tumawag sa 1-800-669-4000 o 1-800-669-6820 (TTY).

**AOE/COE Nagmumula at nangyayari sa panahon ng trabaho (Arising out of and occurring in the course of employment):** Ang iyong natamong sugat/pinsala ay dapat na sanhi ng at nangyari sa trabaho.

**Lupon ng mga apela:** Isang grupo ng pitong komisyoner na itinalaga ng gobernador upang suriin at muling isaalang-alang ang mga desisyon ng mga hukom ng administratibong batas sa kompensasyon ng mga manggagawa. Tinatawag ding Yunit ng Muling Pagsasaalang-alang (Reconsideration Unit). Tingnan ang Lupon ng Mga Apela para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Appeals Board).

**Aplikante:** Ang partido -- kadalasan ikaw -- na nagbubukas ng kaso sa lokal na opisina ng Lupon ng Mga Apela para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Appeals Board, WCAB) sa pamamagitan ng paghahain ng aplikasyon para sa paghahatol ng paghahabol.

**Abogado ng mga aplikante:** Isang abogado na maaaring kumatawan sa iyo sa iyong kaso sa kompensasyon ng mga manggagawa. Ang aplikante ay tumutukoy sa iyo, ang manggagawang nagtamo ng sugat/pinsala.

**Aplikasyon para sa paghahatol ng paghahabol (aplikasyon o app):** Isang pormularyo na inihain mo para buksan ang isang kaso sa lokal na opisina ng Lupon ng Mga Apela para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Appeals Board, WCAB) kung mayroon kayong di-pagkakasundo sa kompanya ng paseguro tungkol sa iyong paghahabol.

**Paghahati-hati (apportionment):** Isang paraan ng pag-alam kung gaano kalaki sa iyong permanenteng kapansanan ay sanhi sa natamo mong sugat/pinsala sa trabaho at kung gaano kalaki ang sanhi sa iba pang kapansanan.

**Yunit ng Pag-audit (Audit Unit):** Isang yunit sa loob ng DWC na tumatanggap ng mga reklamo laban sa mga tagapangasiwa ng mga paghahabol. Maaaring humantong ang mga reklamong ito sa mga pagsisiyasat sa paraan ng paghawak ng kompanya sa mga paghahabol

**Abiso para sa Benepisyo:** Isang kinakailangang sulat o pormularyo na ipinadala sa iyo ng kompanya ng paseguro upang ipaalam sa iyo ang mga benepisyong maaaring karapat-dapat mong matanggap. Tinatawag ding abiso.

**Cal/OSHA:** Isang yunit sa loob ng State Division of Occupational Safety and Health (DOSH). Sinusuri ng Cal/OSHA ang mga lugar ng trabaho at ipinapatupad ang mga batas para protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa sa California.

**Labor Code ng California seksyon 132a:** Isang batas sa kompensasyon ng mga manggagawa na nagbabawal sa diskriminasyon laban sa iyo dahil naghain ka ng paghahabol para sa kompensasyon ng mga manggagawa, at laban sa mga katrabaho na maaaring tumestigo sa iyong kaso.

**Carve-out:** Ang mga programang Carve-out ay nagbibigay-daan sa mga tagapag-empleyo at unyon na lumikha ng kanilang sariling mga alternatibo para sa paghahatid ng benepisyo sa kompensasyon ng mga manggagawa at paglutas ng pagtatalo o hindi pagkakaunawaan sa ilalim ng isang kasunduan sa kolektibong negosasyon (collective bargaining agreement).

**Pormularyo ng paghahabol (DWC-1):** Ang pormularyo na gamitin upang mag-ulat ng natamong sugat/pinsala o sakit sa trabaho sa iyong tagapag-empleyo.

**Tagapag-ayos ng mga paghahabol:** Tingnan ang tagapangasiwa ng mga paghahabol.

**Tagapangasiwa ng mga paghahabol:** Ang termino para sa mga kompanya ng paseguro at iba pa na nangangasiwa ng paghahabol sa iyong kompensasyon ng mga manggagawa. Nagtatrabaho ang karamihan sa tagapangasiwa ng mga paghahabol sa mga kompanya ng paseguro o sa ikatlong partido na tagapangasiwa na nangangasiwa ng mga paghahabol para sa mga tagapag-empleyo. Ang ilang tagapangasiwa ng mga paghahabol ay direktang nagtatrabaho para sa malalaking tagapag-empleyo na nangangasiwa ng kanilang sariling mga paghahabol. Tinatawag ding tagasuri ng mga paghahabol o taga-ayos ng mga paghahabol.

**Tagasuri ng mga paghahabol:** Tingnan ang tagapangasiwa ng mga paghahabol.

**Komisyon sa Kalusugan at Kaligtasan at Kompensasyon ng mga Manggagawa (Commission on Health and Safety and Workers' Compensation, CHSWC):** Isang ahensya na itinilaga ng estado na nagsasagawa ng mga pag-aaral at gumagawa ng mga rekomendasyon upang mapabuti ang kompensasyon ng mga manggagawa sa California at mga sistema ng kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho.

**Pagpapalit (Commutation):** Isang utos ng hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa para sa isang bultong pagbabayad ng bahagi o lahat ng iyong parangal sa permanenteng kapansanan.

**Kompromiso at Pagpapalaya (Compromise and release, C&R):** Isang uri ng pag-aayos kung saan makakatanggap ka ng bultong pagbabayad at magiging responsable para sa pagbabayad para sa iyong medikal na pangangalaga sa hinaharap. Ang isang pag-aayos na tulad nito ay dapat na aprubahan ng isang hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa.

**Naiipong sugat/pinsala (Cumulative injury, CT):** Isang sugat/pinsala na dulot ng mga paulit-ulit na pangyayari o paulit-ulit na pagkakatantad sa trabaho. Halimbawa, nasasaktan ang iyong pulsuhan sa paulit-ulit na ginagawa ang parehong paggalaw o nawawala ang iyong pandinig dahil sa patuloy na malakas na ingay.

**Petsa ng pagtamo ng sugat/pinsala:** Kapag nasaktan ka o nagkasakit. Kung ang iyong sugat/pinsala ay sanhi ng isang pangyayari, ang petsa kung kailan ito nangyari ay ang petsa ng pagtamo ng sugat/pinsala. Kung ang natamong sugat/pinsala o sakit ay sanhi ng paulit-ulit na pagkakalantad (isang naiipong sugat/pinsala), ang petsa ng sugat/pinsala ay ang petsa na alam mo o dapat alam mong dahil sa trabaho ang natamong sugat/pinsala.

**Mga benepisyo sa pagkamatay:** Mga benepisyo na ibinabayad o ibinibigay sa mga buhay na kapamilya kapag ang isang natamong sugat/pinsala o sakit sa trabaho ay nagresulta sa pagkamatay.

**Deklarasyon ng kahandaan (declaration of readiness, DOR o DR):** Isang pormularyo na ginagamit upang humiling ng pagdinig sa harap ng isang hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa kapag handa ka nang lutasin ang isang pagtatalo o hindi pagkakaunawaan.

**Nasasakdal:** Ang partido -- kadalasan ang iyong tagapag-empleyo o ang kanyang kompanya ng paseguro -- na sumasalungat sa iyo sa isang pagtatalo o hindi pagkakaunawaan sa mga benepisyo o serbisyo.

**Liham sa pagkaantala (Delay letter):** Isang sulat na ipinadala sa iyo ng kompanya ng paseguro na nagpapaliwanag kung bakit naantala ang mga pagbabayad. Sinasabi rin sa iyo ng liham kung anong impormasyon ang kailangan bago ipadala ang mga pagbabayad at kung kailan gagawa ng desisyon tungkol sa mga pagbabayad.

**Tinanggihang paghahabol:** Isang paghahabol kung saan naniniwala ang kompanya ng paseguro na ang iyong natamong sugat/pinsala o sakit ay hindi saklaw ng kompensasyon ng mga manggagawa at inabisuhan ka tungkol sa desisyon.

**Paglalarawan ng mga tungkulin sa trabaho ng empleyado (pormularyo ng DWC # AD 10133.33):** Isang pormularyo na sasagutan ng tagapag-empleyo at empleyado upang ilarawan ang mga tungkulin sa trabaho ng empleyado. Susuriin ang pormularyo ng isang doktor upang matukoy kung makakabalik sa trabaho ang empleyado.

**Kapansanan:** Isang kapansanan sa pisikal o pag-iisip na naglilimita sa iyong mga aktibidad sa pang-araw-araw na buhay. Isang kondisyon na nagpapahirap sa pagsali sa mga aktibidad na pang-pisikal, panlipunan at pang-trabaho.

**Yunit sa Pagsusuri ng Kapansanan (Disability Evaluation Unit (DEU)):** Isang yunit sa loob ng DWC na kinakalkula ang porsyento ng permanenteng kapansanan batay sa mga medikal na ulat. Tingnan ang taga-tasa ng kapansanan (disability rater).

**Pamamahala ng kapansanan:** Isang proseso upang maiwasan ang pagkakaroon ng kapansanan o para mamagitan nang maaga, kasunod ng pagsisimula ng isang kapansanan, upang hikayatin at suportahan ang patuloy na pagtatrabaho. Ginagawa ito nang maaga sa proseso ng paggaling sa mga kaso ng natamong malubhang sugat/pinsala tulad ng mga pinsala sa gulugod o spine. Karaniwan, ang isang rehabilitation nurse ay kaagapay mo iyo at sa iyong gumagamot na doktor at iniuulat ang progreso ng iyong medikal na paggamot sa kompanya ng paseguro.

**Tagapag-rate ng kapansanan:** Isang empleyado ng Disability Evaluation Unit ng DWC na nagre-rate ng iyong permanenteng kapansanan pagkatapos suriin ang isang medikal na ulat o isang medikal-ligal na ulat na naglalarawan sa iyong kondisyon.

**Pagbibigay ng pagtatasa ng kapansanan:** Tingnan ang pagbibigay ng rating para sa permanenteng kapansanan.

**Paghahabol sa diskriminasyon (Labor Code 132a):** Isang petisyon na inihain kung tinanggal o nadiskrimina ka ng iyong tagapag-empleyo dahil sa paghahain mo ng iyong paghahabol para sa kompensasyon ng mga manggagawa.

**Pagtatalo o hindi pagkakaunawaan:** Ang isang di-pagkasundo tungkol sa iyong karapatan sa mga pagbabayad, serbisyo o iba pang benepisyo.

**Dibisyon para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Division of Workers' Compensation, DWC):** Isang dibisyon sa loob ng Kagawaran ng Ugnayang Pang-industriya (Department of Industrial Relations, DIR). Pinangangasiwaan ng DWC ang mga batas sa kompensasyon ng mga manggagawa, nilulutas ang mga pagtatalo o hindi pagkakaunawaan sa mga benepisyong kompensasyon ng mga manggagawa at nagbibigay ng impormasyon at tulong sa mga manggagawang nagtamo ng sugat/pinsala at iba pa tungkol sa sistema ng kompensasyon ng mga manggagawa.

**Electronic Adjudication Management System (EAMS):** Isang computer based na sistema para pasimplehin at pahasayin ang proseso ng pamamahala ng kaso ng Dibisyon para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Division of Workers' Compensation).

**Empleyado:** Isang tao na ang mga aktibidad sa trabaho ay nasa ilalim ng kontrol ng isang indibidwal o entidad. Kabilang sa katagang empleyado ang mga walang dokumento na manggagawa at mga menor de edad.

**Tagapag-empleyo:** Ang tao o entidad na may kontrol sa iyong mga aktibidad sa trabaho.

**Ergonomics:** Ang pag-aaral kung paano pahasayin ang pagkakatugma sa pagitan ng pisikal na mga pangangailangan sa lugar ng trabaho at ng mga empleyado na gumaganap ng trabaho. Nangangahulugan iyon na isinasalang-alang ang pagkakaiba-iba sa mga kakayahan ng tao kapag pumipili, nagdidisenyo o nagbabago ng mga kagamitan, kasangkapan, gawain sa trabaho at kapaligiran sa trabaho.

**Mahahalagang tungkulin:** Mga tungkuling itinuturing na mahalaga sa trabahong gusto mo o mayroon ka. Kapag isinasalang-alang para sa alternatibong trabaho, dapat mayroon kang parehong kwalipikasyon sa pisikal at pag-iisip upang matupad ang mahahalagang tungkulin ng trabaho.

**Batas para sa Patas na Pagtatrabaho at Pabahay (Fair Employment and Housing Act, FEHA):** Isang batas ng estado na nagbabawal sa diskriminasyon laban sa mga taong may mga kapansanan. Kung naniniwala kang nadiskrimina ka sa trabaho dahil may kapansanan ka at gusto mo ng karagdagang impormasyon sa iyong mga karapatan sa ilalim ng FEHA, makipag-ugnayan sa Departamento ng Patas na Pagtatrabaho at Pabahay ng estado sa 1-800-884-1684. Sa ilang mga kaso, nagbibigay ang FEHA ng higit na proteksyon kaysa sa pederal na Americans with Disabilities Act (ADA).

**Family and Medical Leave Act (FMLA):** Isang pederal na batas na nagbibigay sa ilang empleyado na may malulubhang sakit o kailangang alagaan ang isang bata o ibang miyembro ng pamilya na may hanggang 12 linggo ng walang bayad, protektado sa trabaho na pamamahinga bawat taon. Kinakailangan din nito na panatilihin ang mga benepisyong pangkalusugan ng grupo sa panahon ng pamamahinga. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Paggawa ng U.S. sa 1-866-4-USA-DOL.

**Paghahain:** Pagpapadala o paghahatid ng dokumento sa isang tagapag-empleyo o isang ahensya ng gobyerno bilang bahagi ng isang ligal na proseso. Ang petsa ng paghahain ay ang petsa na natanggap ang dokumento.

**Panghuling utos:** Anumang utos, desisyon o pag-gawad na ginawa ng hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa na hindi naapela sa napapanahong paraan.

**Mga natuklasan at pag-gawad (Findings & award, F&A):** Isang nakasulat na desisyon ng isang hukom ng administratibong batas sa kompensasyon ng mga manggagawa tungkol sa iyong kaso, kabilang ang mga pagbabayad at pangangalaga sa hinaharap na dapat ibigay sa iyo. Ang F at A ay nagiging panghuling utos maliban kung iapela ito.

**Pandaraya:** Anumang sadyang mali o mapanlinlang na pahayag para sa layuning makuha o tanggihan ang mga benepisyong kompensasyon ng mga manggagawa. Ang mga parusa para sa pandaraya ay mga multa na hanggang \$150,000 at/o pagkakakulong nang hanggang limang taon.

**Medikal sa hinaharap:** Ang patuloy na karapatan sa medikal na paggamot para sa natamong sugat/pinsalang nauugnay sa trabaho.

**Organisasyon sa pangangalagang pangkalusugan (Health care organization, HCO):** Isang organisasyong sertipikado ng Kagawaran ng Ugnayang Pang-industriya (Department of Industrial Relations) upang magbigay ng pinamamahalaang medikal na pangangalaga sa loob ng sistema para sa kompensasyon ng mga manggagawa.

**Mga Pagdinig:** Mga ligal na paglilitis kung saan tinatalakay ng hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa ang mga isyu sa isang kaso o tumatanggap ng impormasyon upang makagawa ng desisyon tungkol sa isang pagtatalo o hindi pagkakaunawaan o isang iminungkahing pag-aayos.

**Pagbibigay ng rating ng kapansanan (impairment):** Isang tinatanyang porsyento ng kung gaano karaming normal na paggamit ng iyong mga nasugatan/napinsalang bahagi ng katawan ang nawala sa iyo. Tinutukoy ang mga pagbibigay ng rating ng kapansanan (impairment) batay sa mga patnubay na inilathala ng American Medical Association (AMA). Ginagamit ang isang rating ng kapansanan (impairment) upang kalkulahin ang iyong rating para sa permanenteng kapansanan (disability) ngunit iba ito sa iyong rating ng permanenteng kapansanan (disability).

**In pro per:** Isang manggagawang nagtamo ng sugat/pinsala na hindi kinakatawan ng isang abogado.

**Independent bill review (IBR) :** Isang impormal na proseso upang malutas ang mga pagtatalo o hindi pagkakaunawaan sa pagsingil sa pamamagitan ng isang independiyenteng ikatlong partido na kinontrata ng DWC.

**Independiyenteng kontratista:** Walang nakatakdang kahulugan ng terminong ito. Tinitingnan ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas sa paggawa at ng mga hukuman ang ilang salik kapag nagpapasya kung ang isang tao ay empleyado o independiyenteng kontratista. Ang ilang mga tagapag-empleyo ay mali ang pag-uuri sa mga empleyado bilang isang independiyenteng kontratista para maiwasan ang kompensasyon ng mga manggagawa at iba pang responsibilidad sa payroll. Hindi ibig sabihin na dahil lamang sa sinabi ng tagapag-empleyo na isa kang independiyenteng kontratista at hindi kailangang saklawin sa ilalim ng isang palisiya sa kompensasyon ng mga manggagawa ay totoo na ito. Ang isang tunay na independiyenteng kontratista ay may kontrol sa kung paano ginagawa ang kanilang trabaho. Marahil ay hindi ka isang independiyenteng kontratista kapag ang taong nagbabayad sa iyo:

- Kinokontrol ang mga detalye o paraan ng iyong trabaho
- May karapatang tanggalin ka
- Binabayaran ka ng kada oras na sahod o suweldo
- Gumagawa ng mga pagbabawas para sa kawalan ng trabaho o Social Security
- Nagbibigay ng mga materyal o kasangkapan
- Nangangailangan kang magtrabaho ng mga partikular na araw o oras

**Independiyenteng medikal na pasusuri (independent medical review, IMR):** Isang impormal na proseso para malutas ang mga isyu sa medikal na paggamot sa pamamagitan ng isang independiyenteng ikatlong partido na kinontrata ng DWC. Tanging isang manggagawa lamang na nagtamo ng sugat/pinsala ang maaaring humiling ng IMR kung ang kanilang kahilingan sa medikal na paggamot ay tinanggihan, binago o naantala.

**Independiyenteng organisasyon ng medikal na pagsusuri (Independent medical review organization, IMRO):** Tinutukoy ng organisasyong ito kung kwalipikado ang isang kaso para sa medikal na pagsusuri. Kung kwalipikado ang kasong ito, aabisuhan ng organisasyon ang mga partido ng mahalagang impormasyon kasama na kung ito ay regular o pinabilis na pagsusuri at ang mga dokumentong dapat ibigay para magsagawa ng pagsusuri.

**Opisyal ng Impormasyon at Tulong (Information & Assistance, I&A):** Isang empleyado ng DWC na sumasagot sa mga tanong, tumutulong sa mga manggagawang nagtamo ng sugat/pinsala, nagbibigay ng mga nakasulat na materyal, nagsasagawa ng mga workshop na nagbibigay ng impormasyon at nagsasagawa ng mga pagpupulong upang impormal na tumulong sa mga problemang nauugnay sa mga paghahabol.

**Yunit ng Impormasyon at Tulong (Information & Assistance, I&A):** Isang yunit sa loob ng DWC na nagbibigay ng impormasyon sa lahat ng partido sa mga paghahabol para sa kompensasyon ng mga manggagawa at impormal na nilulutas ang mga pagtatalo o hindi pagkakaunawaan.

**Programang sa pag-iwas sa pagtamo ng sugat/pinsala at sakit (Injury and illness prevention program, IIPP):** Isang programang pangkalusugan at pangkaligtasan na kinakailangang buuin at ipatupad ng mga tagapag-empleyo. Ipinapatupad ng Cal/OSHA ang programang ito.

**Hukom:** Tingnan ang hukom ng administratibong batas sa kompensasyon ng mga manggagawa.

**Lien:** Isang karapatan o paghahabol para sa pagbabayad laban sa kaso ng kompensasyon ng mga manggagawa. Ang isang naghahabol ng lien, tulad ng isang medikal na tagapagbigay, ay maaaring maghain ng pormularyo sa lokal na Lupon ng Mga Apela para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa upang humiling ng pagbabayad ng perang inutang sa isang kaso para sa kompensasyon ng mga manggagawa.

**Bayarin sa pag-aktibo ng lien:** Isang bayad na kinakailangan ng naghahabol ng lien para sa mga lien na inihain bago ang Jan. 1, 2013. Dapat bayaran ang bayaring ito kapag inihain ang DOR, kapag dumadalo sa isang kumperensya sa lien o bago ang Enero 1, 2014, kung hindi, madi-dismiss ang lien.

**Bayarin sa paghahain ng lien:** Ang lahat ng lien na isinama pagkatapos ng Enero 1, 2013 ay dapat magbayad ng bayarin sa paghahain para sa mga lien na nauugnay sa medikal na paggamot.

**Kumperensya para sa mandatoryong pagaayos (mandatory settlement conference, MSC):** Isang kumperensya na nangangailangan ng pagdalo upang pag-usapan ang pagaayos bago ang isang paglilitis.

**Maximal na medikal na pagpapabuti (maximal medical improvement, MMI):** Ang iyong kondisyon ay maayos na na-stabilize at malabong magkaroon ng malaking pagbabago sa susunod na taon, mayroon man o walang medikal na paggamot. Sa sandaling umabot ka na sa MMI, maaaring tasahin ng isang doktor kung gaano kalaki, kung mayroon man, ang permanenteng kapansanan na nagresulta mula sa iyong natamong sugat/pinsala sa trabaho.

**Kumperensya ng pamamagitan (mediation conference):** Isang boluntaryong kumperensya na ginanap sa harap ng isang opisyal ng I& A upang subukang lutasin ang isang pagtatalo o hindi pagkakaunawaan kung walang abogado ang kumakatawan sa iyo.

**Medikal na pangangalaga:** Tingnan ang medikal na paggamot.

**Medikal-ligal na ulat:** Isang ulat na isinulat ng isang doktor na naglalarawan sa iyong medikal na kondisyon. Ang mga ulat na ito ay isinulat upang makatulong na linawin ang mga pinagtatalunang medikal na isyu.

**Medikal na milyahe:** May karapatan ka sa milyahe reimbursement (kabilang ang paradahan at mga toll) para sa mga medikal na appointment, therapy, pagpunta sa botika at iba pang nauugnay sa medikal na paglalakbay.

**Network ng medikal na tagapagbigay (medical provider network, MPN):** Isang entidad o grupo ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na itinakda ng isang insurer o self-insured na tagapag-empleyo at inaprubahan ng administratibong direktor ng DWC upang gamutin ang mga manggagawang nagtamo ng sugat/pinsala sa trabaho.

**Medikal na paggamot:** Paggamot na makatwirang kinakailangan upang gamutin o mapawi ang mga epekto ng pagtamo ng sugat/pinsala o sakit na nauugnay sa trabaho. Tinatawag ding medikal na pangangalaga.

**Medikal na Yunit:** Isang unit sa loob ng DWC na nangangasiwa sa mga network ng medikal na tagapagbigay (medical provider network, MPNs), doktor ng independiyenteng medikal na pagsusuri (independent medical review, IMR), health organisasyon sa pangangalagang pangkalusugan (healthcare organization, HCOs), kwalipikadong medikal na evaluator (qualified medical evaluators, QMEs), QMEs na panel, plano ng pagsusuri sa paggamit (utilization review, UR), at doktor sa pangalawang opinyon para sa operasyon sa galugod (spine).

**Binagong trabaho:** Ang iyong dating trabaho, na may ilang pagbabago na nagbibigay pahintulot sa iyo na gawin ito. Kung sinabi ng iyong doktor na hindi ka makakabalik sa iyong trabaho sa panahon ng pagtamo ng sugat/pinsala, hinihikayat ang iyong tagapag-empleyo na alukin ka ng binagong trabaho sa halip na karagdagang paglilipat ng trabaho.

**Hindi maililipat na voucher:** Isang dokumentong nakukuha mo mula sa kompanya ng paseguro na dapat kumpletuhin ninyo pareho ng kompanya ng paseguro. Ito ang dokumentong ginamit upang magbigay ng bayad para sa edukasyon sa ilalim ng karagdagang programa ng benepisyo sa paglilipat ng trabaho.

**Abiso:** Tingnan ang abiso sa benepisyo.

**Layunin na mga salik:** Ang mga pagsukat, direktang obserbasyon at resulta ng pagsusuri na sinasabi ng gumagamot na doktor, QME o AME na nag-aambag sa iyong permanenteng kapansanan.

**Off calendar (OTOC):** Isang WCAB na kaso kung saan walang nakabinbing aksyon.

**panibagong pag-alok o alternatibong trabaho (DWC-AD10133.53):** Isang pormularyo na makukuha mo mula sa kompanya ng paseguro kung: nagtamo ka ng sugat/pinsala sa pagitan ng Ene. 1 2004 at Dis. 31, 2012 at; iniulat ng iyong gumagamot na doktor na mayroon kang permanenteng kapansanan at; nag-aalok ang iyong tagapag-empleyo ng binago o alternatibong trabaho sa halip na isang karagdagang benepisyo sa paglilipat ng trabaho. Ipinapaliwanag din ng pormularyo na ito kung paano maaaring babaan ng 15 porsiyento ang iyong mga pagbabayad sa permanenteng kapansanan dahil pinapabalik ka ng iyong tagapag-empleyo sa trabaho.

**Alok ng regular, binago o alternatibong trabaho (DWC-AD 10133.35):** Isang pormularyo na makukuha mo mula sa kompanya ng paseguro kung: nagtamo ka ng sugat/pinsala noong o pagkatapos ng Ene. 1, 2013 at; iniulat ng iyong gumagamot na doktor na mayroon kang permanenteng kapansanan at; nag-aalok ang iyong tagapag-employong regular, binago o alternatibong trabaho sa halip na isang karagdagang benepisyo sa paglilipat ng trabaho.

**Kwalipikadong medikal na taga-suri (qualified medical evaluator, QME) na panel:** Isang listahan ng tatlong independiyenteng kwalipikadong medikal na evaluator (qualified medical evaluators, QMEs) na inisyu ng DWC Medikal na Yunit ng DWC. Pumili ka ng alinman sa tatlong doktor para sa iyong pagsusuri. Kung mayroon kang abogado, nalalapat ang iba pang patakaran.

**Partido:** Karaniwang kasama rito ang kompanya ng paseguro, ang iyong tagapag-empleyo, mga abogado at sinumang tao na may interes sa iyong paghahabol (mga doktor o ospital na hindi pa nababayaran).

**Parusa:** Ang halaga ng perang natatanggap mo dahil may isang bagay na hindi ginawa nang tama sa iyong paghahabol. Binayaran ng iyong tagapag-empleyo o kompanya ng paseguro, ang halaga ng parusa ay maaaring maging awtomatikong 10 porsiyento para sa isang pagkaantala sa pagbabayad sa iyo, o hanggang sa 25 porsiyentong multa -- hanggang sa maximum na \$10,000 -- para sa hindi makatwirang pagkaantala.

**Permanente at hindi na mababago (Permanent and stationary, P&S):** Ang iyong medikal na kondisyon ay umabot sa maximum na medikal na pagpapabuti. Sa sandaling maging P at S ka, maaaring tasahin ng isang doktor kung gaano ka laki, kung mayroon man, ang permanenteng kapansanan na nagresulta mula sa iyong natamong sugat/pinsala sa trabaho. Kung ang iyong kapansanan ay na-rate sa ilalim ng iskediyul ng 2005 makikita mo ang terminong Maximal na medikal na pagpapabuti (maximal medical improvement, MMI) na ginamit bilang kapalit ng P at S. Tingnan din ang ulat ng P at S.

**Permanenteng kapansanan (permanent disability, PD):** Anumang pangmatagalang kapansanan na nagreresulta sa pagbawas ng kakayahang kumita pagkatapos maabot ang pinakamataas na medikal na pagpapabuti.

**Pagsulong ng permanenteng kapansanan (PDA):** Isang *boluntaryong* lump sum na pagbabayad ng permanenteng kapansanan na dapat mong bayaran sa hinaharap.

**Mga benepisyo ng permanenteng kapansanan (permanent disability, PD):** Mga bayad na natatanggap mo kapag permanenteng nililimitahan ng iyong natamong sugat/pinsala sa trabaho ang mga uri ng trabaho na maaari mong gawin o ang iyong kakayahang maghanapbuhay.

**Mga pagbabayad sa permanenteng kapansanan:** Kada dalawang-lingguhang pagbabayad batay sa hindi maikakailang bahagi ng permanenteng kapansanan na natanggap bago at/o pagkatapos maibigay ang isang award.

**Pagbibigay ng rating para sa permanenteng kapansanan (Permanent disability rating, PDR):** Isang porsyento na nagtatantya kung gaano permanenteng nililimitahan ng natamong sugat/pinsala sa trabaho ang mga uri ng trabaho na maaari mong gawin. Batay ito sa iyong medikal na kondisyon, petsa kung kailan natamo ang sugat/pinsala, edad kung kailan natamo ang sugat/pinsala, trabaho kung kailan natamo ang sugat/pinsala, kung gaano kalaki ang kapansanan na dulot ng iyong trabaho, at ang iyong nabawasang kapasidad na kumita sa hinaharap. Tinutukoy nito ang bilang ng mga linggo na may karapatan ka para sa mga benepisyo ng permanenteng kapansanan.

**Iskedyul para sa pagbibigay ng rating ng permanenteng kapansanan (Permanent disability rating schedule, PDRS):** Isang publikasyon ng DWC na naglalaman ng detalyadong impormasyon na ginagamit upang i-rate ang mga permanenteng kapansanan. Gagamitin ang isa sa tatlong iskedyul para i-rate ang iyong kapansanan, depende sa kung kailan mo natamo ang sugat/pinsala.

**Pag gawad para sa permanenteng bahagyang kapansanan (Permanent partial disability award):** Isang pinal na award ng permanenteng bahagyang kapansanan na ginawa ng isang hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa o ng Lupon ng Mga Apela para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Appeals Board).

**Mga benepisyo ng permanenteng bahagyang kapansanan (permanent partial disability, PPD):** Mga bayad na natatanggap mo kapag ang iyong natamong sugat/pinsala sa trabaho ay bahagyang nililimitahan ang mga uri ng trabaho na maaari mong gawin o ang iyong kakayahang maghanapbuhay.

**Mga benepisyo ng permanenteng ganap na kapansanan (permanent total disability, PTD):** Mga bayad na natatanggap mo kapag itinuturing ka bilang isang permanenteng hindi na kayang maghanapbuhay.

**Personal na doktor:** Isang doktor na lisensyado sa California na may M.D. degree (medical doctor) o isang D.O. degree (osteopath), na dating gumamot sa iyo at may mga medikal na rekord mo.

**Petisyon para sa muling pagsasaalang-alang (petition for reconsideration, Recon):** Isang ligal na proseso para iapela ang isang desisyon na inisyu ng isang hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa. Dininig ng Yunit ng Lupon ng Mga Apela para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Appeals Board Reconsideration), isang pitong miyembro, ng ahensya ng hudikatura na itinalaga ng gobernador at kinumpirma ng Senado.

**Doktor:** Isang medikal na doktor, isang osteopath, isang psychologist, isang acupuncturist, isang optometrist, isang dentista, isang podiatrist o isang chiropractor na lisensyado sa California. Ang kahulugan ng personal na doktor ay mas limitado. Tingnan ang personal na doktor.

**Ulat ng doktor tungkol sa permanente at hindi na mababagong katayuan at kapasidad sa trabaho (DWC form #AD 10133.36):** Isang pormularyo na sasagutan ng doktor upang ganap na ipaalam sa tagapag-empleyo ang mga kapasidad sa trabaho at limitasyon sa aktibidad na resulta mula sa natamong sugat/pinsala na nauugnay sa potensyal na regular na trabaho, binagong trabaho o alternatibong trabaho.

**Paunang itinalagang doktor:** Isang doktor na maaaring gumamot sa iyong natamong sugat/pinsala sa trabaho kung inirekomenda mo nang nakasulat sa iyong tagapag-empleyo bago ang iyong natamong sugat/pinsala o sakit sa trabaho at natugunan ang ilang kundisyon. Tingnan ang pre-designation.

**Paunang nakatalaga:** Ang prosesong ginagamit mo para sabihin sa iyong tagapag-empleyo na gusto mong gamutin ka ng iyong personal na doktor para sa isang natamong sugat/pinsala sa trabaho. Maaari kang paunang magtalaga ng iyong personal na doktor ng medisina (doctor of medicine, M.D.) o doktor ng osteopathy (doctor of osteopathy, DO) kung: may saklaw ka sa kalusugan; ginamot ka dati ng doktor at mayroon siya ng iyong mga medikal na rekord; bago natamo ang sugat/pinsala, sumang-ayon ang iyong doktor na gamutin ka para sa mga natamong sugat/pinsala o sakit sa trabaho at; bago natamo ang sugat/pinsala, ibinigay mo sa iyong tagapag-empleyo ang mga sumusunod sa pamamagitan ng sulat:

- (1) Tandaan na gusto mong gamutin ka ng iyong personal na doktor para sa natamong sugat/pinsala o sakit na nauugnay sa trabaho at
- (2) Pangalan ng iyong personal na doktor at adres ng negosyo.



**Pangunahing doktor ng paggamot (Primary treating physician, PTP):** Ang doktor na may pangkalahatang responsibilidad para sa paggamot sa iyong natamong sugat/pinsala o sakit sa trabaho. Sinusulat ng doktor na ito ang mga medikal na ulat na maaaring makaapekto sa iyong mga benepisyo. Tinatawag ding gumagamot na manggagamot o gumagamot na doktor.

**Patunay ng serbisyo:** Isang pormularyo na ginamit upang ipakita na naipadala ang mga dokumento sa mga espesipikong partido.

**Ulat ng P at S:** Isang medikal na ulat na isinulat ng gumagamot na doktor na naglalarawan sa iyong medikal na kondisyon kapag nakaayos na ito. Tingnan din ang permanente at hindi na magbabago (stationary).

**Kwalipikadong medikal na tagasuri (qualified medical evaluator, QME):** Isang independiyenteng doktor na sertipikado ng Medikal na Yunit ng DWC para magsagawa ng mga medikal na pagsusuri.

**Pagbibigay ng rating:** Tingnan ang pagbibigay ng rating para sa permanenteng kapansanan.

**Muling pagsasaalang-alang:** Tingnan ang petisyon para sa muling pagsasaalang-alang.

**Muling pagsasaalang-alang ng isang kabuuang rating:** Isang prosesong ginagamit kapag wala kang abogado at sa tingin mo ay may mga pagkakamali sa pagbibigay ng iyong rating para sa permanenteng kapansanan.

**Yunit ng Muling Pagsasaalang-alang:** Tingnan ang lupon ng mga apela.

**Regular na trabaho:** Ang iyong dating trabaho, na nagbabayad ng parehong sahod at mga benepisyo tulad ng ibinayad sa panahon ng pagtamo ng sugat/pinsala at matatagpuan sa loob ng isang makatwirang distansya sa pagbibiyaha kung saan ka nakatira sa panahon ng iyong pagtamo ng sugat/pinsala.

**Kahilingan para sa awtorisasyon (Request for authorization, RFA):** Isang pormularyo na ginagamit ng gumagamot na doktor para abisuhan ang tagapangasiwa ng mga paghahabol tungkol sa mga kinakailangang medikal na serbisyo.

**Mga Paghihigpit:** Tingnan ang mga paghihigpit sa trabaho.

**Balik trabaho na programa:** Kung magreresulta ang iyong natamong sugat/pinsala sa isang permanenteng kapansanan (permanent disability, PD) at natukoy ng estado na hindi katumbas ng iyong benepisyo sa PD ang halaga kumpara sa pagkawala ng iyong kita, maaari kang maging kwalipikado para sa karagdagang pera mula sa Karagdagang Balik Trabaho (Return to Work Supplemental) na programa ng Kagawaran ng Ugnayang Pang-industriya.

**Iskedyul para sa pagbibigay ng rating ng mga permanenteng kapansanan:** Tingnan ang iskedyul ng pagbibigay ng rating para sa permanenteng kapansanan.

**Malubha at sadyang maling pag-uugali (serious and willful misconduct, S&W):** Isang petisyon na inihain kung ang iyong natamong sugat/pinsala ay sanhi ng malubha at sadyang maling pag-uugali ng iyong tagapag-empleyo.

**Pag-aayos:** Isang kasunduan sa pagitan mo at ng kompanya ng paseguro tungkol sa mga bayad sa kompensasyon ng iyong mga manggagawa at medikal na pangangalagang sa hinaharap. Ang mga pagsasa-ayos ay dapat suriin ng isang hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa upang matiyak na sapat ang mga ito.

**Mga benepisyo sa kapansanan sa Seguridad Panlipunan:** Pangmatagalang pinansyal na tulong para sa mga taong ganap na may kapansanan. Nagmula ang mga benepisyong ito sa Social Security Administration ng U.S. Nababawasan ang mga ito ng mga bayad sa kompensasyon ng mga manggagawa na natatanggap mo.

**Karagdagang Balik Trabaho na Programa (Return to Work Supplemental Program, RTWSP):** Tingnan ang balik trabaho na programa.

**Espesipikong sugat/pinsala:** Isang sugat/pinsalang dulot ng isang pangyayari sa trabaho. Mga halimbawa: nasaktan ang iyong likod dahil sa pagkahulog, pagkasunog dahil sa isang kemikal na tumilamsik sa iyong balat, nasaktan dahil sa isang aksidenteng nauugnay sa sasakyan habang naghahatid.

**Katamtamang lingguhang sahod ng estado:** Ang katamtamang lingguhang sahod na ibinayad sa nakaraang taon sa mga empleyado sa California na saklaw ng paseguro para sa mga walang trabaho, gaya ng iniulat ng Kagawaran ng Paggawa ng U.S. Nagkabisa noong 2006, ang pagtaas ng benepisyong sa pansamantalang kapansanan ay nauugnay sa index na ito.

**Paseguro para sa kapansanan (state disability insurance, SDI) ng estado:** Isang plano ng paseguro para sa kapalit ng bahagi ng sahod na binabayad sa mga manggagawa sa California ng Departamento ng Pagpapaulad ng Pagtatrabaho (Employment Development Department (EDD) ng estado. Nagbibigay ang SDI ng mga panandaliang benepisyong sa mga kwalipikadong manggagawang nawawalan ng sahod kapag hindi sila makapagtrabaho dahil sa isang natamong sakit o sugat/pinsalang walang kaugnayan sa trabaho, o isang medikal na kondisyon na nauugnay sa pagkakaroon ng kapansanan mula sa pagbubuntis o panganganak. Ang mga manggagawang may mga natamong sugat/pinsala sa trabaho ay maaaring mag-aplay para sa SDI kapag naantala o tinanggihan ang mga pagbabayad sa kompensasyon ng mga manggagawa. Tumawag sa 1-800-480-3287 para sa karagdagang impormasyon sa SDI.

**Itinatakdang pagbibigay ng rating:** Pormal na kasunduan sa iyong pagbibigay ng rating para sa permanenteng kapansanan. Dapat aprubado ng isang hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa.

**Kondisyon na may pag-gawad:** Isang pagaayos ng isyu sa kaso kung saan sumang-ayon ang mga partido sa mga tuntunin ng isang pag-gawad. Ito ang dokumentong nilagdaan ng hukom para gawing pinal ang iginawad.

**Mga kondisyon na may kahilingan para sa pag gawad (Stips):** Isang pagaayos kung saan sumang-ayon ang mga partido sa mga tuntunin ng isang gawad. Maaaring kabilang dito ang medikal na paggamot sa hinaharap. Nagaganap ang pagbabayad sa paglipas ng panahon. Ibinibigay ang dokumentong ito sa hukom para sa huling pagsusuri.

**Subhektibo na mga salik:** Ang tindi ng sakit at iba pang sintomas na inilarawan ng isang manggagawang nagtamo ng sugat/pinsala na iniulat ng isang doktor bilang nakapagdaragdag sa permanenteng kapansanan ng isang manggagawa. Binibigyan ng napakaliit na halaga ang mga subjective na salik sa ilalim ng iskedyul ng pagbibigay ng rating noong 2005 dahil umaasa ang iskedyul na ito sa mga layunin na pagsukat.

**Subpoena:** Isang dokumento kung saan inaatasan ang saksi na humarap sa pagdinig.

**Subpoena Duces Tecum (SDT):** Isang dokumento kung saan kinakailangan ipadala ang mga rekord sa humihiling.

**Talaan ng pagbibigay ng rating:** Ang porsyento ng permanenteng kapansanan na kinakalkula ng Yunit sa Pagsusuri ng Kapansanan (Disability Evaluation Unit) ng DCW.

**Muling pagsasaalang-alang sa talaan ng pagbibigay ng rating:** Isang pamamaraang ginagamit kung hindi ka sumasang-ayon sa talaan ng pagbibigay ng rating na ibinigay ng Yunit sa Pagsusuri ng Kapansanan (Disability Evaluation Unit) ng DCW.

**Karagdagang benepisyong sa paglipat ng trabaho (Supplemental job displacement benefit, SJDB):** Isang benepisyong sa kompensasyon ng mga manggagawa. Kung nagtamo ka ng sugat/pinsala noong 2004 o mas bago; mayroong permanenteng bahagyang kapansanan na pumipigil sa iyong gawin ang dati mong trabaho; hindi nag-aalok ng ibang trabaho ang iyong tagapag-employo, maaari kang maging kwalipikado para sa benepisyong ito. Para sa mga natamong sugat/pinsalang nangyari sa pagitan ng Enero 1, 2004 at Disyembre 31, 2012, ang benepisyong ay nasa anyo ng isang voucher para sa mga gastusin sa muling pang- edukasyong pagsasanay o pagpapahusay ng kasanayan sa mga paaralang inaprubahan o kinikilala ng estado. Para sa mga natamong sugat/pinsalang nangyari sa o pagkatapos ng Ene. 2013, maaaring gamitin ang voucher para sa pagsasanay sa isang pampublikong paaralan ng California o iba pang tagapagbigay na nakalista sa listahan ng kwalipikadong tagapagbigay ng pagsasanay ng estado. Maaari ring gamitin ito sa pagbabayad ng lisensya, sertipikasyon, mga bayarin sa pagsusuri, pagbili ng mga kasangkapan para sa isang kurso ng pagsasanay, pagbili ng mga kagamitan sa computer na hanggang \$1,000, o para sa pagsasauli ng bayad na hanggang \$500 sa iba't ibang gastos. Hanggang sa 10 porsyento, o \$600, ay maaaring gamitin upang bayaran ang mga serbisyo ng isang lisensyadong ahensya sa paglalagay o propesyonal na tagapayo.

**Pansamantalang kapansanan (Temporary disability, TD o TTD):** Mga pagbabayad na makukuha mo kung mawalan ka ng sahod dahil pinipigilan ka ng iyong natamong sugat/pinsala na gawin ang iyong kadalasang tinatrabaho habang nagpapagaling.

**Mga benepisyo sa pansamantalang bahagyang kapansanan (temporary partial disability, TPD):** Mga pagbabayad na makukuha mo kung magagawa mo ang ilang trabaho habang nagpapagaling, ngunit mas mababa ang kinikita kaysa bago mo natamo ang sugat/pinsala.

**Mga benepisyo sa pansamantalang ganap na kapansanan (temporary total disability, TTD):** Mga pagbabayad na makukuha mo kung hindi ka ganap na makapagtrabaho habang nagpapagaling.

**Mga gastos sa transportasyon:** Tingnan ang medikal na milyahe.

**Gumagamot na doktor:** Tingnan ang doktor ng pangunahing paggamot.

**Gumagamot na doktor:** Tingnan ang doktor ng pangunahing paggamot.

**Trust Fund ng Benepisyo ng mga Walang Pasegurong Empleyado (Uninsured Tagapag-empleyo Benefit Trust Fund, UEETF):** Isang pondo, na pinapatakbo ng DWC, kung saan mababayaran ang iyong mga benepisyo kung labag sa batas na walang paseguro ang iyong tagapag-empleyo para sa kompensasyon ng mga manggagawa.

**Pagrerepaso sa paggamit (utilization review, UR):** Ang prosesong ginagamit ng mga kompanya ng paseguro upang magpasya kung pahihintulutan at babayaran ang paggamot na inirerekomenda ng iyong gumagamot na doktor o ng ibang doktor.

**Tagapayo ng bokasyonal at balik trabaho (vocational & return to work counselor, VRTWC):** Kung mayroon kang permanenteng kapansanan, ito ang tao o entidad na tutulong sa iyo na bumuo ng estratehiya sa pagbabalik sa trabaho. Sinusuri ka nila, binibigyan ng pagpapayo at tinutulungan kang maghanda para magtrabaho. Ang isang VRTWC ay dapat magkaroon ng hindi bababa sa isang undergraduate na degree sa anumang larangan at tatlo o higit pang taon ng buong-panahong na karanasan.

**Voucher:** Tingnan ang karagdagang benepisyo sa paglilipat ng trabaho (supplemental job displacement benefit) at nontransferable na voucher.

**Pagkawala ng sahod (pansamantalang bahagyang kapansanan):** Tingnan ang mga benepisyo sa pansamantalang bahagyang kapansanan.

**Kabuuang kapansanan ng tao (whole person impairment, WPI):** Para sa mga natamong sugat/pinsala sa o pagkatapos mag-Ene. 1, 2013 lahat ng kaso na may permanenteng residual ay tataas nang WPI factor na 1.4 bilang bahagi ng rating para sa permanenteng kapansanan (permanent disability rating, PDR) upang matukoy ang antas ng permanenteng kapansanan.

**Mga paghihigpit sa trabaho:** Ang paglalarawan ng doktor sa trabaho na maaari at hindi mo maaaring gawin. Nakakatulong ang mga paghihigpit sa trabaho na protektahan ka mula sa pagtamo ng karagdagang sugat/pinsala.

**Hukom sa administratibong batas para sa kompensasyon ng mga manggagawa:** Isang empleyado ng DWC na gumagawa ng mga desisyon tungkol sa mga pagtatalo o hindi pagkakaunawaan sa kompensasyon ng mga manggagawa at nag-aaprubang mga pag-aayos. Ang mga hukom ay nagdaraos ng mga pagdinig sa mga lokal na opisina ng distrito ng DWC, at maaaring suriin at muling isaalang-alang ang kanilang mga desisyon ng Yunit ng Muling Pagsasaalang-alang (Reconsideration Unit) ng WCAB. Tinatawag ding hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa.

**Lupon ng Mga Apela para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Appeals Board, WCAB):** Matatagpuan sa San Francisco at isang pitong miyembro, na ahensya ng hudikatura na itinalaga ng gobernador at kinumpirma ng Senado na dumidinig sa mga apela ng mga desisyon na inisyu ng mga hukom sa kompensasyon ng lokal na manggagawa.

**Kagawaran ng Pagbibigay ng Rating ng Paseguro para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Insurance Rating Bureau, WCIRB):** Isang ahente ng Kagawaran ng Paseguro ng estado at pinondohan ng industriya ng paseguro, ang pribadong entidad na ito ay nagbibigay ng impormasyon sa istatistikal at rating para sa paseguro sa kompensasyon ng mga manggagawa at paseguro sa pananagutan ng tagapag-empleyo, at kinokolekta at tina-tabulate ang impormasyon upang bumuo ng purong premium na rate.

**Hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa:** Tingnan ang hukom ng administratibong batas sa kompensasyon ng mga manggagawa.

*Ang impormasyong nakapaloob sa fact sheet na ito ay pangkalahatan at hindi nilayon bilang kapalit ng ligal na payo. Ang mga pagbabago sa batas o ang mga partikular na katotohanan ng iyong kaso ay maaaring magresulta sa mga ligal na interpretasyon na iba sa mga ipinakita dito.*

Abril 2024

12



1515 Clay Street, 17th Floor  
Oakland, CA 94612

Ang misyon ng DWC: Pagbabawas sa epekto ng mga sugat/pinsala at sakit na nauugnay sa trabaho. Pagtulong sa paglutas ng mga pagtatalo o hindi pagkakaunawaan sa mga benepisyo sa kompensasyon ng mga manggagawa. Pagsubaybay sa pangangasiwa ng mga paghahabol.

Tumawag sa 1-800-736-7401 o pumunta sa website na [www.dwc.ca.gov](http://www.dwc.ca.gov) para mahanap ang Yunit para sa Impormasyon at Tulong (Information & Assistance Unit) na malapit sa iyo.